

Hindi tradisyon, relihiyosong mga gawain, o sarili nating mga gawa ang nagpapatunay sa katotohanan ng ebanghelyo. Sa katunayan, ang mabubuting gawa ay natural na bunga habang nararanasan natin ang katotohanan at kalayaan na dala ng mensahe ni Cristo. Narito ang tatlong mga bagay na maaaring maranasan ng lahat ng tao mula sa tunay na mensahe ni Cristo.

1 | Ang mensahe ng ebanghelyo ay ibinibigay sa lahat ng tao.

“Alam ng Diyos ang nilalaman ng puso ng bawat tao. At ipinakita niya na tinatanggap din niya ang mga hindi Judio, dahil binigyan din sila ng Banal na Espiritu katulad ng ginawa niya sa atin noon.” MGA GAWA 15:8

Ang mensahe ng ebanghelyo ay hindi lamang para sa iisang lahi o etnikong grupo. Ipinakita ng Diyos ang pagtanggap Niya sa atin nang ibinigay Niya ang Banal na Espiritu sa kanila gaya ng pagbigay Niya sa mga mananampalatayang Judio. Dahil dito, makikita sa iglesia ang pagiging bukas sa lahat ng grupo ng mga tao. Paano naaapektuhan ng pagtanggap ng Diyos sa lahat ng tao ang paraan kung paano mo sila nakikita? Paano mo ito nararanasan o nakikita sa komunidad ng iglesia?

2 | Ang mensahe ng ebanghelyo ay naglilinis ng ating mga puso.

“Sa paningin ng Diyos, tayong mga Judio at silang mga hindi Judio ay pare-pareho lang. Dahil nilinis din niya ang kanilang puso nang sumampalataya sila.” MGA GAWA 15:9

Ang pagtanggap sa ebanghelyo ay naglilinis sa atin mula sa kasalanan. Ang tunay na mensahe ng ebanghelyo ang naglilinis sa ating mga puso sa pamamagitan ng pananampalatayang nagdadala sa atin kay Cristo at nagbibigay sa atin ng bagong simula. Kailan mo ganap na naunawaan kung ano ang ginawa ni Cristo para sa iyo? Ano ang naging tugon mo?

3 | Ang mensahe ng ebanghelyo ay kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

“Naniniwala tayo na maliligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo, at ganito rin naman sa mga hindi Judio.” MGA GAWA 15:11

Kay Cristo, ang lahat ng tao ay naligtas. Sa pagkatanggal ng mga tradisyon at relihiyosong mga gawain, makikita na ang simpleng ebanghelyo ay para sa kaligtasan ng lahat ng tao. Dahil dito, hindi natin magagawang tumingin sa iba nang may diskriminasyon o panghuhusga. Hindi rin tayo maaaring umasa sa sarili nating gawa para sa ating kaligtasan. Paano mo naranasan ang tunay na ebanghelyo ni Cristo? Paano tayo naligtas, ayon sa Bibliya? (Mga Taga-Efeso 2:8,9).

APPLICATION

- Isinuko mo na ba ang buhay mo kay Cristo at naranasan kung paano Niya ipinakita sa iyo ang iyong kasalanan, at kung paano ka Niya nilinis at iniligtas. Kung hindi pa, gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Ang mensahe ng ebanghelyo ay binabatikos sa loob at labas ng iglesia. Bilang mga tagasunod ni Cristo, dapat nating panghawakan ang tunay na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananalig sa Salita ng Diyos. Paano mo mapapagtibay ang pagbabasa ng Bibliya araw-araw?
- May kaibigan o kapamilya ka ba na hindi pa nararanasan ang pagbabagong buhay na bunga ng pagkakakilala sa Diyos? Paano mo maipapangaral ang ebanghelyo sa kanila?